# BATAYANG KURIKULUM SA EDUKASYON

## (Pang-elementaryang Kasanayan sa Pagkatuto)

## JUNE 2010



# FILIPINO

BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
Department of Education
Republic of the Philippines

# FILIPINO

**MITHIIN:** ***Nagagamit ang Filipino sa mabisang pagtanggap ng mga impormasyon sa pakikinig, pagbasa at panonood, naipamamalas ang kahusayan sa pagpapahayag ng sarili sa pagsasalita at pagsulat upang makaangkop sa pang-araw-araw na sitwasyon ng pamumuhay at mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig***

↑

Pagkatapos ng **IKAANIM na BAITANG**, ang mga mag-aaral ay nakauunawa sa mga napakinggang teksto at naililipat ang impormasyon tungo sa iba pang anyo ng pagpapahayag. Nagagamit ang iba't ibang pangungusap sa pagpapaliwanag, nakapagbibigay ng solusyon sa mga suliranin batay sa karanasan at mga natutuhang kaalaman sa anumang sitwasyon, nagagamit nang wasto ang mga sangguniang-aklat at iba pa. Nakasusulat ng talatang nagsasalaysay, naglalarawan, naglalahad, at nangangatwiran ayon sa mga isyu o paksang napapanahon, pictorial essay sa tulong ng mga ideya/talang binuo ng klase. Nakauunawa kung paano ginagamit ang mga pananda, mga larawan, mga tunog at iba pa sa visual media.

↑

Pagkatapos ng **IKALIMANG BAITANG**, ang mag-aaral ay nakapagbibigay ng sariling reaksyon, palagay o hinuha sa binasang teksto at nakapagbubuod ng napakinggan o binasang. Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita, mga pangungusap, pahayag o usapan at sitwasyon. Nakagagamit ng diksyunaryo, thesaurus' at iba pang sanggunian sa paghahanap ng impormasyon at nakasusulat ng balita, biro, anekdota, patalastas, poster at sulatin na may 15-20 pangungusap. Nakauunawa sa gamit at kahulugan ng mga simbolo at mga larawan sa visual media.

↑

Pagkatapos ng **IKAAPAT na BAITANG**, ang mag-aaral ay nakapagpapahayag ng sariling ideya at kaisipan tungkol sa mga impormasyon/kuwentong narinig, nakapagbibigay ng reaksiyon at nakalalahok sa iba't-ibang talakayan, gumagamit ng matalinghagang salita at mga ekspresyong tuwiran at di-tuwiran. Napagsusunud-sunod ang mga ideya at sitwasyon, natutukoy ang mga pangyayaring nag-uugnay ng sanhi at bunga. Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pangungusap, pahayag, usapan at sitwasyon. Nakauunawa sa ibat ibang paraang ginagamit sa pagbibigay ng mensahe sa pamamagitan ng visual media.

↑

Pagkatapos ng **IKATLONG BAITANG**, ang mag-aaral ay nakauunawa at nasasagot ang mga tanong tungkol sa pinakinggang balita/ulat, naibibigay ang sariling palagay tungkol sa binasang teksto, naipaliliwanag ang kahulugan ng mga hiram na salita, mga babala at patalastas; nasasabi ang pagkakaiba ng opinyon at katotohanan. Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pangungusap, usapan at sitwasyon. Naisusulat ang mga idiniktang patalastas, anunsiyo, poster, liham at iba pang teksto. Nakauunawa sa ibat ibang mensaheng ipinahihiwatig sa pamamagitan ng visual media.

↑

Pagkatapos ng **IKALAWANG BAITANG**, ang mag-aaral ay nakapagsasabi ng pangunahing diwa ng kuwento o saknong ng tula. Nakababasa ng may wastong paglilipon ng salita. Nakapaglalarawan ng mga tao, bagay o pook nagagamit ang mga salitang-kilos sa mga pahayag at nakabubuo ng mga pangungusap ayon sa gamit. Nakasusulat nang kabit-kabit na mga titik na gumagamit ng wastong bantas. Nakagagamit ng ibat ibang estratehiya upang mahinuha ang nilalaman at kahulugan sa pamamagitan ng visual media.

↑

Pagkatapos ng **UNANG BAITANG**, ang mag-aaral ay inaasahang nabibigkas ang tunog ng mga titik ng alpabeto at mga simpleng salita. Nagagamit ang magagalang na pananalita at nakasusunod sa maikling panuto/direksyon. Nakababasa ng bagong salita, payak na pangungusap at maikling babasahin. Naisusulat ang sariling pangalan at mga payak na pangungusap nang maayos at may wastong bantas. Naibibigay ang pangunahing diwa o mensahe sa pamamagitan ng visual media, (graphic animation, comic books, television)

↑

**A**

A

**Pamantayan 1 – Pakikinig**

A. ***Kahandaan sa Pakikinig*** – pagkatapos ng ikatlong baitang, ang mga mag-aaral ay nakapagpapakita ng kasanayan sa pagsunod sa wastong pamantayan sa pakikinig upang maproseso nang mabuti ang mga ideyang napakinggan.
B. ***Mahusay na Pakikinig*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pakikinig upang ganap na maunawaan at maproseso ang diskurso o tekstong napakinggan
C. ***Mapanuring Pakikinig*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang, nagagamit ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pagsusuri ng mga tekstong napakinggan upang maitranscode ang mga ito tungo sa iba pang anyo ng pagpapahayag at nagagamit sa epektibong pakikipagtalastasan

**Pamantayan 2 – Pagsasalita**

A. ***Kaangkupan*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nakagagamit ng angkop na pananalita at ekspresyon sa iba't ibang sitwasyon
B. ***Pasalitang Diskurso*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nakapagpapamalas ng paggamit ng wika sa pasalitang diskurso
C. ***Kawastuhan*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nakapagpapakita ng kasanayan sa paggamit ng wika pasalita o pasulat man nang may wastong pagbabalarila
D. ***Makabuluhang Pagpapahayag*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nakagagamit ng kasanayan sa makabuluhang pagpapahayag ng karanasan, damdamin, opinyon, paniniwala at kaisipan sa iba.

**Pamantayan 3 – Pagbasa**

A. ***Kahandaan sa Pagbasa*** – pagkatapos ng unang baitang ang mga mag-aaral ay nakapagpapamalas ng kahandaan sa pagbasa
B. ***Panimulang Pagbasa*** – pagkatapos ng ikatlong baitang ang mga mag-aaral ay nakababasa ng mga pangungusap at maiikling talata nang may wastong paglilipon ng mga salita
C. ***Talasalitaan*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nakapagpapamalas ng kasanayan sa pagbibigay kahulugan ng mga salita at magagamit ang mga ito sa paglalahad ng mga angkop at makabuluhang konteksto.
D. ***Pang-unawa*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng malawak na pang-unawa sa tekstong binasa at magagamit ito upang maunawaan ang sarili, ibang tao, daigdig sa tulong ng mga tekstong literari at eksposisyon.

**Pamantayan 4 – Pagsulat**

A. ***Kahandaan sa Pagsulat*** – pagkatapos ng ikatlong baitang ang mga mag-aaral ay nakasusulat nang maayos at malinaw nang palimbag at kabit-kabit gamit ang wastong bantas
B. ***Panimulang Pagsulat*** – pagkatapos ng ikatlong baitang ang mga mag-aaral ay nakasusulat nang maayos at malinaw ng iba't ibang diskurso
C. ***Maunlad na Pagsulat*** – pagkatapos ng ikaanim na baitang ang mga mag-aaral ay nagagawang mailahad ang kanilang malayang ideya sa pormal o di-pormal na komposisyon para matugunan ang kanilang layunin sa pagsulat

**Pamantayan 5 – Panonood**

Nagagamit ang mga kasanayan at mga pamamaraan sa panonood upang maunawaan at mabigyang-kahulugan ang visual media.

# FILIPINO

## Unang Baitang

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1.** | Nagagaya ang napakingang huni/tunog ng mga hayop | Nagagamit ang magalang na pagbati sa umaga/tanghali/ hapon/gabi | Nakababasa nang may wastong galaw/hagod ng mata mula sa kaliwa-pakanan, itaas/pababa<br><br>Nakababasa nang may katamtamang lakas ng boses, wasto at maliwanag na bigkas ng mga salita | Nakasusunod sa mga pamantayan sa pagsulat e.g. pag-upo, paghawak ng lapis, posisyon ng katawan, atbp.<br><br>Naisasagawa ang maayos at wastong paraan ng pagsulat | Nakapanonood ng larawan ng isang batang nagsusulat na ipinakikita ang wastong pag-upo, paghawak ng lapis, posisyon ng katawan, atbp. | Usapan, kuwento |
| **2.** | Naiuugnay ang tunog/huni sa gumagawa nito | Nagagamit ang magagalang na pananalitang po/opo, hindi po sa pakikipag-usap sa nakatatanda | Nasasabi ang pagkakatulad/ pagkakaiba ng mga bagay/ larawan ayon sa hugis | Nababakat ang sariling pangalan mula sa modelo | Nakapanonood ng mga larawang nagpapakita ng paggalang sa mga nakatatanda | Usapan, kuwento |
| **3.** | Nasasabi ang uri ng tunog/huni na narinig<br>Hal. malakas, mahina | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa paghingi ng pahintulot sa loob at labas ng paaralan | Napag-uuri-uri ang magkakatulad na bagay ayon sa kulay, hugis, laki | Napagdudugtung-dugtong ang putul-putol na guhit sa tulong ng daliri, tsok, krayola at lapis | Nakapagmamasid sa mga batang magalang na humihingi ng pahintulot sa pagpasok at paglabas ng silid-aralan/paaralan | Kuwento, tula, tugma, awit |
| **4.** | Natutukoy at nabibigkas ang wastong tunog ng bawat titik ng alpabetong Filipino – b, m, p, a, d, t, k, c, g, e, n, h, s, j, l | Nagagamit ang magalang na pananalita sa pasasalamat sa loob at labas ng paaralan | Natutukoy ang kulang/labis sa grupo ng mga bagay | Natutunton at nasisipi ang mga batayang guhit – tuwid, pahiga, pahalang | Nakapanonood sa pagbakat at pagsipi ng mga batayang guhit – tuwid, pahiga, pahalang | Usapan, tugma |
| **5.** | Naiuugnay ang tunog sa titik – f, v, z, o, l, r, w, y, x, u, ng, g, ñ | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa paghingi ng paumanhin sa lahat ng pagkakataon | Nasasabi ang pagkakatulad/ pagkakaiba ng mga titik ayon sa anyo at hugis | Natutunton at nasisipi ang mga batayang guhit nang pahilig, kurbang pakaliwa/pakanan | Nakapanonood sa pagsipi ng mga batayang guhit na pahilig, kurbang pakaliwa/pakanan | Usapan, komik istrip |
| **6.** | Natutukoy ang tunog at ang kaugnay na titik nito sa alpabeto | Natutukoy ang salitang ngalan ng tao, bagay, hayop at pook | Nababasa ang mga titik ng alpabeto.<br>Naiuugnay ang bawat tunog sa titik na | Nakasusulat ng guhit na kurbang paitaas | Nakapanonood ng mga larawang nagpapakita ng tao, bagay, hayop at pook na binanggit sa kuwento (alamat o pabula) | Kuwento, (alamat o pabula) |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | kumakatawan dito | | | |
| **7.** | Natutukoy ang unang tunog ng mga salitang napakinggan | Napag-uuri-uri kung ang salita ay ngalan ng tao, hayop, bagay at pook | Napipili ang mga bagay na magkakaugnay | Nakasusulat ng guhit na kurbang paibaba | Nakapanonood sa mga batang pumipili ng mga bagay na magkakaugnay | Bugtong, pahulaan |
| **8.** | Natutukoy ang huling tunog ng mga salitang napakinggan | Nagagamit ang <u>at</u> bilang salitang pang-ugnay ng dalawang ngalan ng tao, bagay, hayop o pook | Napagsusunud-sunod nang wasto ang mga titik ayon sa alpabeto | Nakababakat ng mga hugis ng mga titik ng alpabeto | Nakapanonood sa mga batang nagbabakat ng mga hugis ng mga titik ng alpabeto | Usapan |
| **9.** | Nasasabi kung ang huling tunog ng salita ay patinig na a, e, i, o, u | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang ngalan ng tao, bagay, hayop at pook | Nakabubuo ng pantig/salita sa pagsasama-sama ng patinig/katinig | Nakaguguhit ng mga stick figure | Nakapanonood sa pagguhit ng mga "stick figures" | Kuwento |
| **10.** | Natutukoy kung ang huling tunog ng salita ay katinig sa tulong ng mga bagay/larawan | Nasasabi ang ngalan ng araw at buwan | Nakababasa ng bagong salita sa tulong ng tunay na bagay, larawan, hugis/ anyo ng salita | Naisusulat nang palimbag ang malalaking titik ng alpabeto<br>- mga letrang may tuwid na guhit I, E, F, L, H, T | Nakapagmamasid sa mga batang umaawit o nagsisikilos ng mga tugma/tula | Awit, tula, ulat |
| **11.** | Nasasabi kung saan ang posisyon sa salita ang tunog ng katinig na napakinggan (unahan, midyal, pinal) | Nagagamit ang panandang <u>ang</u>/<u>ang mga</u> sa pagtukoy sa ngalan ng tao, hayop, pook at bagay | Natutukoy ang mga titik na nasa inisyal/midyal/pinal ng pantig/salita | Naisusulat nang palimbag ang malalaking titik ng alpabeto<br>- mga letrang may kumbinasyon ng tuwid at pahilis na guhit V, N, X, M, W, Y, Ñ | Nakapanonood sa pagsulat nang palimbag ng malalaking titik ng alpabeto na may kumbinasyon ng tuwid at pahilis na guhit | Balita, lathalain, |
| **12.** | Nasasabi ang mga tunog na katinig at patinig na pinagsama sa napakinggang pantig o salita | Nagagamit ang panandang <u>si</u>/<u>sina</u> sa pagtukoy sa ngalan ng tao | Nakabubuo ng mga salita sa pagsasama-sama ng pantig | Naisusulat nang palimbag ang malalaking titik ng alpabeto<br>- kumbinasyon ng tuwid at pakurbang guhit B, D, G, P, R | Nakapanonood sa pagsulat nang palimbag ng malalaking titik ng alpabeto na may kumbinasyon ng tuwid at pakurbang guhit | Usapan, kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| **13.** | Natutukoy ang mga salitang magkakasintunog sa tugma/tula na napakinggan | Nagagamit nang mabisa ang ako, ikaw, siya, kami, tayo, kayo at sila | Nababasa ang magkakatulad na salita sa pangkat | Naisusulat nang palimbag ang maliliit na titik ng alpabeto<br>- may pailalim na kurba u, w, i<br>- may paibabaw na kurba a, m, n, x | Nakapagmamasid sa pagsulat nang palimbag ng maliliit na titik ng alpabeto na may pailalim/paibabaw na kurba | Tugma, tula |
| **14.** | Nabibigkas ang magkakasintunog na salita tugma/tulang napakinggan | Nagagamit sa pangungusap o usapan ang ako, ikaw, siya, kami, kayo, sila | Nababasa ang naiibang salita sa pangkat | Naisusulat nang palimbag ang mga pabilog , may silong mga titik Cc, Oo, Qq, Jj, Ss, at e | Nakapagmamasid sa pagsulat nang palimbag ang mga pabilog, may silong mga titik | Tugma, tula |
| **15.** | Natutukoy ang salitang naiiba ang tunog sa pangkat | Nagagamit ang mga salitang ito, iyan at iyon sa pagtukoy ng mga bagay o hayop | Nakababasa ng mga salita/parirala/ pangungusap | Naisusulat ang titik na makikita sa simula, gitna o hulihan ng salita | Nakapanonood sa mga larawan ng mga bagay na ang ngalan ay naiiba ang tunog sa pangkat | Usapan, komik istrip |
| **16.** | Nasasabi ang katangian ng tauhan mula sa kuwentong napakinggan | Nagagamit ang mga salitang naglalarawan ng tao, hayop, bagay at pook | Nasasabi ang mga katangian ng mga tauhan | Naisusulat nang palimbag ang malalaki at maliliit na titik ng alpabeto | Nakapanonood sa mga larawang nagpapakita ng mga katangian ng tauhan sa kuwento/kuwentong bayan | Kuwento (alamat, pabula) |
| **17.** | Napaghahambing ang mga tauhan mula sa kuwentong narinig | Nasasabi ang mga salitang naglalarawan ng dami at bilang ng mga bagay o tao | Naibibigay ang katangian ng tauhan ayon sa ginawa nito | Naisusulat nang palimbag ang sariling pangalan | Nakapanonood sa mga larawang nagpapakita sa katangian ng tauhan sa kuwento/kuwentong bayan ayon sa ginawa nito | Kuwento (kuwentong bayan) |
| **18.** | Nailalarawan ang mga bagay ayon sa kulay at hugis batay sa narinig na impormasyon | Nasasabi ang mga salitang naglalarawan ng hugis at kulay ng mga bagay | Nahahanap ang mga detalye na sumasagot sa mga tanong na sino, ano, saan | Naisusulat ang pantig o salitang binasa | Nakapag-aaral sa mga larawan upang mahanap ang mga detalye na sumasagot sa mga tanong na sino, ano, saan | Kuwento |
| **19.** | Nakasusunod sa maikling panutong narinig | Natutukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos sa tulong ng larawan/sitwasyon | Nakasusunod sa panutong nakalimbag | Naisusulat nang maayos ang mga salitang naglalarawan | Nakapanonood sa mga larawan upang matukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos | Panuto sa mga gawain<br>Hal. menu, laro |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **20.** | Nakasusunod sa hakbang ayon sa panutong narinig | Natutukoy sa pangungusap ang mga salitang nagsasaad ng kilos | Napagsusunud-sunod ang mga hakbang sa isang gawain o panuto | Naisusulat nang maayos ang mga salita at pariralang nagsasabi ng laki at kulay | Nakapagmamasid sa mga larawan upang mapagsunud-sunod ang mga hakbang sa isang gawain o panuto | Panuto |
| **21.** | Nauulit ang usapan ng mga tauhan sa kuwentong narinig | Nagagamit sa pangungusap o usapan ang mga salitang kilos | Natutukoy ang mga sagot sa mga tanong na literal sa binasa | Naisusulat nang maaayos ang mga salitang nagsasabi ng dami o bilang | Nakapagmamasid sa mga larawan upang matukoy ang mga sagot na literal sa binasa | Kuwento |
| **22.** | Nauulit ang mahahalagang pangyayari mula sa kuwentong narinig<br><br>Naibibigay ang angkop na pamagat sa narinig na talata o kuwento | Nasasabi ang mga salitang tumutukoy sa pook/lugar na pinangyarihan ng kilos | Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng larawan/kuwento | Nagagamit ang malalaking titik sa simula ng pangalan ng tao at lugar; | Nakapagmamasid sa mga larawan upang masabi ang mga salitang tumutukoy sa pook/lugar na pinangyarihan ng kilos | Kuwento |
| **23.** | Naibibigay ang mga impormasyon sa balitang napakinggan | Natutukoy ang mga salitang nagsasaad ng panahon | Nasasabi ang diwang nakapaloob sa larawan/pangungusap | Nagagamit ang malaking titik sa simula ng pangungusap o panuto | Nakapanonood ng mga “video clips”/larawan upang matukoy ang mga salitang nagsasaad ng panahon | Balita |
| **24.** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang (batay sa narinig na teksto)<br>- tugma<br>- tula<br>- awit<br>- alamat<br>- kuwento | Nakikilala na ang mga ngalan ng araw at buwan ay nagsasabi ng panahon | Nahahanap ang mga detalye na sumasagot sa mga tanong na <u>kailan</u> at <u>bakit</u> | Nagagamit ang malaking titik sa simula ng pangalan ng mga araw | Nakapagmamasid sa mga larawan upang mahanap ang mga detalye na sumasagot sa mga tanong na <u>kailan</u> at <u>bakit</u> | Tugma, tula, awit, kuwento |
| **25.** | Naibibigay ang paksa ng narinig na (batay sa ginamit na teksto)<br>- tugma<br>- tula<br>- awit<br>- alamat<br>- kuwento | Natutukoy kung ang lipon ng salita ay pangungusap o di-pangungusap | Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng larawan | Nagagamit ang malaking titik sa simula ng pangalan ng mga buwan | Nakatitingin sa mga larawan upang mapagsunud-sunod ang mga pangyayari sa kuwento | Tugma, tula, awit, kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| **26.** | Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayaring narinig | Nakabubuo ng mga payak na pangungusap | Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga pamatnubay na tanong | Naisusulat nang maayos ang<br>a. pangalan, paaralan, baitang b. tirahan – barangay, bayan, lungsod, lalawigan | Nakapagmamasid sa mga larawan upang matukoy ang sanhi at bunga | Kuwento, balita |
| **27.** | Naibibigay ang sariling pahayag batay sa narinig na sitwasyon o pangyayari | Nasasabi kung ang pangungusap ay nasa karaniwan o kabalikang ayos | Naibibigay ang sariling palagay o hula sa mga piling sitwasyon ng kwentong binasa | Naisusulat nang maayos ang mga salitang naglalarawan | Nakapagmamasid sa mga larawan upang makapagbigay ng sariling palagay o hula sa mga piling sitwasyon ng kuwentong binasa | Ulat, balita |
| **28.** | Naibibigay ang sariling karanasan kaugnay ng narinig na kuwento | Nakabubuo ng mga pangungusap na patanong | Naibibigay ang paksa ng tula/kwento at iba pa. | Nakasusulat ng mga parirala at pangungusap na may pang-ugnay na <u>at</u><br><br>Nakasusulat nang padikta ng mga salita, parirala at payak na pangungusap | Nakapag-aaral ng mga larawan upang makabuo ng mga pangungusap na patanong | Kuwento |
| **29.** | Naibibigay ang mga kaisipan mula sa narinig na teksto | Nakabubuo ng mga pangungusap na pautos/pakiusap | Naibibigay ang mga kaisipan na inihahatid ng binasang teksto | Nakasusulat nang padikta ng mga salita, parirala at payak na pangungusap | Nakapag-aaral ng mga larawan upang makabuo ng mga pangungusap na pautos/pakiusap | Sanaysay, tula, kuwento |
| **30.** | Naibibigay ang wakas ng narinig na kuwento | Nakabubuo ng mga pangungusap na padamdam | Nahihinuha ang maaaring angkop na wakas sa larawan/kuwento atbp. | Nakasisipi ng mga linya ng tula o tugma at ng talatang may 2-3 pangungusap | Nakapag-aaral ng mga larawan upang makabuo ng mga pangungusap na padamdam<br>Nakapagmamasid sa mga larawan upang mahinuha ang maaaring angkop na wakas ng kuwento, atbp. | Kuwento |
| **31.** | Naibibigay ang sarili at bunga ng mga pangyayaring narinig | Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa usapan at mga sitwasyon | Napag-uugnay ang sanhi at bunga sa mga pangyayaring pansarili | Nagagamit ang malalaking titik at bantas na tuldok sa pagsulat ng mga pangungusap na pasalaysay | Nakapanonood ng mga “video clips” ng iba’t ibang sitwasyon/usapan upang mapag-ugnay ang sanhi at bunga sa mga pangyayari | Kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | - pautos/pakiusap | | |
| **32.** | Naiuugnay ang sariling karanasan sa narinig na pangyayari o kuwento | Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng karanasan | Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan | Nagagamit ang malalaking titik at bantas na pananong sa pagsulat ng pangungusap na patanong. | Nakapag-aaral ng mga larawan upang maiugnay ang binasa sa sariling karanasan<br>Nakapagmamasid sa paggamit ng malalaking titik at bantas na pananong sa pagsulat ng pangungusap na patanong | Kuwento |
| **33.** | | | | Nagagamit ang malalaking titik at bantas na padamdam sa pagsulat ng mga pangungusap na padamdam | Nakapagmamasid sa paggamit ng malalaking titik at bantas na padamdam sa pagsulat ng mga pangungusap na padamdam | |
| **34.** | | | | Nakasusulat ng mga pangungusap na walang <u>ay</u> at may <u>ay</u> | Nakapanonood ng mga larawan upang makasulat ng mga pangungusap na walang <u>ay</u> at may <u>ay</u> | |
| **35** | | | | Nakasusulat ng mga payak na panuto | Nakapag-aaral ng mga larawan upang makasulat ng mga payak na panuto | |
| **36** | | | | Nakasusulat ng maikling talata nang maayos at may wastong palugit tungkol sa sarili, pamilya at tahanan | Nakapanonood ng “video clips” ng iba’t ibang mag-anak at tahanan upang makasulat ng maikling talata nang maayos at may wastong palugit tungkol sa sarili, pamilya at tahanan | |
| **37** | | | | Nakasusulat ng payak na liham pangkaibigan | Nakapanonood ng “video clips” upang makasulat ng payak na liham pangkaibigan | |

* Ang mga kasanayan ay maaring ulitin ayon sa tekstong gagamitin.

# FILIPINO

## Ikalawang Baitang

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1.** | Natutukoy ang iba't ibang huni/ingay na ginagawa ng mga hayop | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagpapakilala/ pagtanggap ng panauhin<br>Sino po sila?<br>Tuloy po kayo.<br>Umupo po kayo. | Nakababasa nang may wastong paglilipon ng salita<br><br>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa detalye ng binasa | Naisasagawa ang maayos na paghawak ng lapis sa pagsulat<br><br>Naisasagawa ang maayos na pag-upo sa pagsulat at malinis na paraan ng pagsulat | Nakapanonood ng larawang nagpapakita nang maayos na pagtanggap ng panauhin. | Usapan, kuwento |
| **2.** | Natutukoy ang iba't ibang tunog ng mga sasakyan | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa paghingi ng pahintulot<br>Hal. Maaari po bang______.<br>Makikiraan po. | Nakababasa ng mga bagong salita sa unang kita<br><br>Nasasagot ang mga tanong na<br>Bakit, Paano | Nakasisipi ng pangungusap na may wastong anyo at hugis ng titik | Nakapanonood ng mga larawan ng iba't ibang uri ng sasakyan. | Usapan, kuwento |
| **3.** | Naiuugnay ang tunog na napakinggan sa instrumentong pinagmulan ng tunog | Nagagamit ang magagalang na pantawag sa tao<br>Hal. Mang, Aling, Dr.,G. | Nababasa ang mga nakalimbag na ngalan ng tao, pook<br>Hal. bayani-Jose Rizal<br>parke-Rizal Park<br><br>Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa tulong ng mga pamatnubay na tanong | Naisusulat nang pantay-pantay sa guhit ang mga titik ng salita/ pangungusap | Nakapanonood ng mga larawan ng iba't ibang instrumentong pang musika | Kuwento |
| **4.** | Natutukoy ang mga salitang magkapareho ang tunog sa unahan | Nagagamit ang ang/ang mga bilang pananda para sa bagay, hayop o pook | Nababasa ang bagong salita sa tulong ng larawan o tunay na bagay<br><br>Naisasaayos ang mga pangyayari sa kuwento ayon sa wastong pagkakasunud-sunod | Naisusulat nang palimbag ang mga pangungusap nang may wastong pagitan ang mga titik/salita | Nakapagmamasid ng mga larawan ng bagay, hayop o pook | Tula, tugma |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| **5.** | Natutukoy ang mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan | Nagagamit ang si/sina bilang pananda sa tangi/karaniwang ngalan ng tao | Nababasa ang mga salitang may kambal-katinig<br>Hal. kl-klase<br>gr-grupo<br><br>Nasasabi ang pangunahing diwang isinasaad ng kuwento | Nagagamit ang malalaking titik sa simula ng mga salitang pantawag sa tao<br>Hal. Gng. G. | Nakapagmamasid ng mga larawan ng mga tao | Tula, tugma |
| **6.** | Natutukoy ang mga salitang magkatugma mula sa tula o tugmang narinig | Naibibigay ang angkop na pangngalang tao, bagay, hayop, o pook ayon sa larawan o sitwasyon | Nababasa ang mga salitang may diptonggo<br>ay, oy<br>ey, uy<br>aw, iw<br><br>Nasasagot ang mga tanong mula sa binasang tula | Nakagagawa ng pataas-pababang guhit (push and pull) | Nakapagmamasid ng mga larawan ng tao, bagay, hayop o pook sa isang pamayanan | Tula, tugma |
| **7.** | Natutukoy ang naiibang salitang narinig | Natutukoy ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, pook (pangngalang pantangi) | Natutukoy ang magkatulad na pantig sa dalawa o higit pang salita<br>Hal. mang<u>ga</u>, <u>ga</u>mot, Pang<u>ga</u>tong<br><br>Nasasabi ang damdamin ng tauhan sa kuwento | Nakagagawa ng pataas na ikot (in-direct oval) at pababang ikot (direct oval) | Nakapagmamasid ng pagsulat ng pataas na ikot at pababang ikot | Kuwento |
| **8.** | Nakasusunod sa maikling panutong napakinggan | Natutukoy ang karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, pook (pangngalang pambalana) | Nakapagpapalit ng pantig upang makabuo ng bagong salita<br>Hal. <u>pa</u>nga-<u>bu</u>nga<br><br>Nakasusunod nang wasto sa panutong nakasulat | Nagagamit ang malaking titik sa simula ng tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, o pook | Nakapagmamasid ng power point presentation ng pagpapalit ng pantig upang makabuo ng bagong salita | Kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **9.** | Nasasabi ang mahalagang impormasyong narinig | Nagagamit ang mga pangngalang pambabae, panlalaki, o walang kasarian | Napagsusunud-sunod ang mga salita ayon sa alpabeto (unang titik)<br><br>Naibibigay ang mahahalagang detalye sa balita | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga titik ng alpabeto na may pailalim na kurba<br>Hal. u, w, i | Nakapagmamasid sa aktuwal na pagsulat ng kabit-kabit ng mga titik ng alpabeto na may pailalim na kurba | Kuwento, balita |
| **10.** | Nasasabi ang pangunahing diwa na inihahatid ng tulang napakinggan | Natutukoy sa pangungusap ang mga salitang panghalili sa pangngalan | Nababasa ang mga salita, parirala o pangungusap na nababasa sa batayang aklat, pantulong na aklat, atbp.<br><br>Naibibigay ang pangunahing diwa na inihahatid ng tula | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga titik ng alpabeto na may paibabaw na kurba<br>Hal. a, m, n, x | Nakapanonood ng mga larawang makatutulong sa pagtukoy sa pangunahing diwa ng bawat saknong ng tula | Sanaysay |
| **11.** | Nasasabi ang kaisipan o ideya na inihahatid ng bawat saknong ng tulang narinig | Nagagamit nang wasto ang mga salitang panghalili sa pangalan ng tao<br>Hal. ako, ikaw, siya, kami, kayo, sila | Natutukoy ang maikling salita sa loob ng isang mahabang salita<br><br>Naibibigay ang mga kaisipan na inilahad sa bawat saknong ng tula | Naisusulat ang mga maliliit na titik ng alpabeto na may paikot na kurba<br>Hal. l, h, k | Nakapagmamasid sa aktuwal na pagsulat ng maliliit na titik ng alpabeto na may paikot na kurba | Kuwento, ulat |
| **12.** | Naibibigay ang angkop na pamagat ng narinig na babasahin | Nagagamit nang wasto ang mga salitang panghalili sa pangalan ng bagay/hayop<br>Hal. ito, iyan, iyon | Napipili ang mga salitang bumubuo ng salitang-tambalan sa binasa<br>Hal. bungangkahoy<br>bunga, kahoy<br><br>Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasa | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga maliliit na titik ng alpabeto na may buntot<br>Hal. j, g, f | Nakapanonood ng mga larawan ng mga salitang mabubuong salitang - tambalan | Kuwento, balita, lathalain |
| **13.** | Nasasabi ang paksa ng talatang narinig | Nagagamit nang wasto ang mga salitang panghalili sa pangalan ng pook/lugar<br>Hal. dito, diyan, doon | Nakapagbibigay ng mga salitang pareho ang kahulugan<br>Hal. masaya-maligaya<br>Natutukoy ang paksang pangungusap ng talata | Naisusulat nang kabit-kabit ang maliliit na titik ng alpabeto na may dalawang kurba<br>Hal. a, g, s | Nakapagmamasid ng mga larawang nagpapahiwatig bilang paksa ng talata | Kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| **14.** | Nasasabi ang magiging sanhi o bunga ng mga pangyayaring narinig | Nagagamit nang wasto ang mga salitang ginagamit sa pagtatanong; ano, sino, bakit, kailan | Nakapagbibigay ng mga salitang magkasalungat ang kahulugan<br>Hal. mahirap, madali<br><br>Natutukoy ang sanhi o bunga ng mga pangyayari | Naisusulat nang kabit-kabit ang malalaking titik ng alpabeto na may kurba B, C, D, G, P, O | Nakapanonood ng mga larawan na nagpapakita ng sanhi at naging bunga ng pangyayari | Kuwento |
| **15.** | Naibibigay ang hula o palagay sa narinig na pangyayari | Natutukoy ang mga salitang naglalarawan ng katangian ng tao,<br>hayop, bagay, pook | Napipili ang mga salitang magkakaugnay<br><br>Nakapagbibigay ng sanhi o bunga ng mga pangyayari | Naisusulat nang kabit-kabit ang malalaking titik ng alpabeto M, N | Nakapagmamasid ng mga larawan na nagpapakita ng mga katangian ng tao | Lathalain (character sketch) |
| **16.** | Nasasabi ang mga katangian ng mga tauhan ayon sa narinig na kuwento | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga salitang naglalarawan ng kulay ng mga bagay | Napapangkat-pangkat ang mga salitang magkakaugnay<br><br>Nakapaglalarawan ng tauhan batay sa ginawa o kilos | Naisusulat nang kabit-kabit ang malalaking titik ng alpabeto<br>T, J, I | Nakapagmamasid ng mga larawan ng mga bagay na may iba't ibang kulay | Lathalain, usapan |
| **17.** | Naibibigay ang katangian ng tauhan batay sa sinabi ng mga ito | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga salitang naglalarawan ng hugis at laki ng mga bagay | Nabibigyang kahulugan ang sinabi ng tauhan sa kuwento | Naisusulat nang kabit-kabit ang malalaking titik ng alpabeto<br>H, E | Nakapagmamasid ng mga bagay na may iba't ibang hugis at laki | Kuwento |
| **18.** | Nasasabi ang damdamin ng tauhan batay sa narinig na sitwasyon o usapan | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga salitang naglalarawan ng bilang o dami ng mga bagay | Naibibigay at nailalarawan ang tagpuan ng kuwento<br>• pinangyarihan<br>• panahon | Naisusulat nang kabit-kabit ang malalaking titik ng alpabeto<br>J, Y, Z, A | Nakapagmamasid ng mga bagay na nagpapakita ng bilang o dami | Kuwento, alamat |
| **19.** | Naisasalaysay na muli ang kuwentong napakinggan | Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang naglalarawan ng katangian ng tao, hayop, bagay o pook | Naibibigay sa lima o higit pang pangungusap ang buod ng kuwento | | Nakapanonood ng mga CD's na naglalarawan ng katangian ng mga tao, bagay o pook | Kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **20.** | Nakapagbibigay ng angkop na wakas sa narinig na kuwento o pangyayari | Napaghahambing ang katangian ng tao, hayop, bagay o pook | Nakapagbibigay ng angkop na wakas sa binasang kuwento | Naisusulat nang kabit-kabit ang iba pang malalaking titik ng alpabeto<br>L, T, E | Nakapanonood ng mga larawan na maaaring maging angkop na pang wakas sa kwento | Kuwento |
| **21.** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa detalye ng teksto na narinig<br><br>Nasasabi ang pangunahing diwa ng tekstong napakinggan | Naibibigay ang angkop na salitang kilos para sa larawan o sa sitwasyon | Naitatala ang mahahalagang impormasyong nabasa | Naisusulat nang kabit-kabit ang iba pang malalaking titik ng alpabeto<br>U, V, W | Nakapagmamasid ng mga larawan ng hayop/tao na nagpapakita ng kilos | Usapan |
| **22.** | Nakagagawa ng mapa ng direksyong napakinggan | Natutukoy ang mga salitang kilos na ipinahihiwatig ng kilos o galaw | Nasasagot ang mga tanong batay sa mapa o grap | Naisusulat nang maayos ang iba pang titik ng alpabeto<br>Hal. S, R, K | Nakapagmamasid ng isang mapa ng paaralan, pamayanan | Mapa, grap, tsart |
| **23.** | | Natutukoy ang salitang kilos sa pangungusap | | Nakasisipi nang maayos ng mga salita, parirala na nakasulat nang kabit-kabit | Nakapagmamasid ng mga larawan na nagpapahiwatig sa salitang kilos sa bawat pangungusap | Kuwento |
| **24.** | | Nakapagbibigay ng pangungusap na nagsasabi ng kilos na ipinakikita sa larawan o ginagawa | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga salitang naglalarawan | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit sa mga salitang naglalarawan | Kuwento, sanaysay |
| **25.** | | Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang kilos | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga maikling panuto | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit ng mga maikling panuto | Kuwento |
| **26.** | | Nagagamit sa pangungusap ang mga ngalan ng araw at buwan bilang pang-abay | | Naisusulat nang wasto ang mga pamagat | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat ng pamagat ng kwento | Kuwento |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **27.** | | Nagagamit ang mga pang-abay na naglalarawan ng lugar sa pangungusap o usapan | | Nagagamit nang wasto ang tuldok sa hulihan ng mga salitang dinaglat Hal. Bb. G. Gng. | Nakapanonood ng mga larawan ng lugar na angkop sa pag-aaral ng mga pang-abay | Liham pangkaibigan |
| **28.** | | Nagagamit ang mga pang-abay na naglalarawan ng panahon sa pangungusap o usapan<br>Nagagamit ang mga pariralang pang-abay sa pangungusap | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga ngalan ng araw at buwan | Nakapanonood ng mga larawan ng panahon na angkop sa paglinang ng aralin tungkol sa pang-abay | Kuwento |
| **29.** | | Nagagamit ang mga katagang pang-ugnay ng mga salita sa pangungusap<br>-at<br>-ay | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pang-abay na naglalarawan ng lugar | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit sa mga pang-abay na naglalarawan ng lugar | Kuwento |
| **30.** | | Nagagamit ang <u>na</u> at <u>ng</u> bilang pang-angkop sa pangungusap | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pang-abay na naglalarawan ng panahon | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit sa mga pang-abay na naglalarawan ng panahon | Sanaysay |
| **31.** | | Nakikilala at nakapagbibigay ng halimbawa ng pangungusap na pasalaysay | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pariralang pang-abay | Nakapanonood ng larawan (Halimbawa: Pista sa Pamayanan) | |
| **32.** | | Nakikilala at nakapagbibigay ng halimbawa ng mga pangungusap na patanong | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga parirala at pangungusap na may pang-ugnay na at at ay | Nakapanonood ng mga larawan (Hal. Aking Kaarawan) na makatutulong sa pagbuo ng pangungusap na patanong | Usapan |
| **33.** | | Nakapagpapalit ng mga pangungusap na pasalaysay patungo sa patanong at vice versa | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pangungusap na may pang-angkop na na at ng | Nakapanonood ng mga larawan (Hal. Sa Paaralan) na makatutulong sa pagpapalit ng mga pangungusap | Lathalain |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **34.** | | Nakikilala at nakapagbibigay ng mga pangungusap na pautos o pakiusap | | Nagagamit ang malaking titik at tuldok sa pagsulat ng pangungusap na pasalaysay | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang malaking titik at wastong paggamit ng tuldok sa pangungusap na pasalaysay | Usapan |
| **35.** | | Nakikilala at nakapagbibigay ng halimbawa ng mga pangungusap na padamdam | | Nagagamit ang malaking titik at bantas na pananong sa pagsulat ng pangungusap na patanong | Nakapanonood ng mga larawan na nakatutulong sa pagbibigay ng mga pangungusap na padamdam | Kuwento |
| **36.** | | Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pagbabalita o pagbibigay ng impormasyon | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pangungusap na pautos o pakiusap | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit ng mga pangungusap na pautos o pakiusap | Balita |
| **37.** | | Nagagamit ang ibat ibang uri ng pangungusap sa ibat ibang sitwasyon at usapan | | Nagagamit ang malaking titik at bantas na padamdam sa pagsulat ng mga pangungusap na padamdam | Nakapanonood ng larawan nang iba't ibang sitwasyon na makatutulong sa pagbuo nang iba't ibang uri ng pangungusap | Kuwento |
| **38.** | | Naipapahayag nang malaya ang sariling damdamin gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pangungusap na pasalaysay | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit ng mga pangungusap na pasalaysay | Kuwento |
| **39.** | | | | Naisusulat nang maayos at kabit-kabit ang mga usapan | Nakapagmamasid ng aktuwal na pagsulat ng maayos at kabit-kabit sa mga usapan | Usapan |
| **40.** | | | | Nagagamit ang malaking titik at wastong bantas sa pagsulat ng talata nang kabit-kabit | Nakapanonood ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit ng Liham-pangkalakal na gumagamit ng malaking titik at wastong bantas sa bawat talata | Liham-pangkalakal |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Panonood | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **41.** | | | | Naisusulat nang maayos at kabit-kabit ang mga pangungusap na patanong | Nakapagmamasid ng aktuwal na pagsulat nang kabit-kabit sa mga pangungusap na patanong | usapan |
| **42.** | | | | Naisusulat nang kabit-kabit ang mga impormasyong nasa mapa o grap | Nakapagmamasid ng mga mapa o grap | |
| **43.** | | | | Naisusulat ang isang talata tungkol sa paksa | Nakapagmamasid ng aktuwal na pagsulat ng isang talata tungkol sa paksa | |
| **44.** | | | | Nakasusulat ng isang payak na liham pang-kaibigan | Nakapagmamasid ng isang payak na liham pang-kaibigan | Liham-pangkaibigan |

* Ang mga kasanayan ay maaring ulitin ayon sa tekstong gagamitin.

# FILIPINO
## Ikatlong Baitang

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|
| **1.** | Nauuri ang tunog ng mga hayop, bagay at sasakyan sa paligid | Nagagamit ang wastong paraan at angkop na pananalita sa pagtatanong/ pagbibigay ng direksyon | Naisasagawa ang wastong paraan ng pagbasang pabigkas/tahimik na angkop sa baitang gaya ng wastong hagod ng mata, katamtamang lakas ng boses, wastong paglilipon ng salita, atbp.<br><br>Nakikilala at nababasa nang mabilis ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang diin<br><br>Nasasagot ang mga tanong na <u>sino</u>, <u>saan</u>, <u>alin</u>, <u>kailan</u> | Nagagamit ang malalaking titik sa simula ng magagalang na katawagan, pantanging ngalan ng tao, atbp. | Kuwento, usapan |
| **2.** | Nabibigkas nang wasto ang mga salitang diptonggo na napakinggan<br><br>Nabibigkas nang wasto ang mga salitang may kambal katinig o klaster na napakinggan<br><br>Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa kuwento/tulang napakinggan | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga pangngalan | Nababasa nang mabilis ang mga salitang may diptonggo<br><br>Natutukoy ang mahahalagang detalye sa kuwento. | Nagagamit ang malalaking titik sa ngalan ng araw, buwan, pagdiriwang, pangalan ng Maykapal, atbp. | Kuwento |
| **3.** | Natutukoy ang katangian ng tauhan sa napakinggang dayalogo/kuwento | Natutukoy at napag-uuri-uri ang mga pangngalan ayon sa kailanan, kasarian at katangian | Napagsusunud-sunod ang mga salita ayon sa bagong alpabeto hanggang sa unang dalawang titik | Nagagamit ang malaking titik sa pagsulat ng mga pangngalang pantangi, simula ng pangungusap, pamagat | Sanaysay, kuwento, alamat |

| | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Uri ng Teksto |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Natutukoy ang katangian ng tauhan batay sa kanilang salita at kilos | | |
| **4.** | Nasasagutan ang mga tanong mula sa napakinggang teyp, pahayag, atbp. | Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga salitang inihahalili sa pangalan ng tao | Natutukoy ang salitang ugat at mga panlaping bumubuo sa salita<br><br>Nabibigyang paliwanag ang mga tanong na bakit at paano | Naisusulat ang idiniktang ngalan ng araw at buwan na nasa pangungusap | Kuwento |
| **5.** | Naibibigay ang paksa ng narinig na talata | Nagagamit sa pangungusap ang mga panghalip na isahan at pangmaramihan | Nakikilala ang mga salitang nakapaloob sa mahabang salita<br><br>Natutukoy ang paksang pangungusap sa talata | Nagagamit ang kuwit, gitling sa pagsulat ng mga pangungusap | Kuwento |
| **6.** | Natutukoy ang paksang pangungusap ng narinig na talata | Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang nagpapahayag ng pag-aari - akin/ko, iyo/mo, kanya/niya/kanila/nila | Nakabubuo ng salita sa tulong ng panlapi<br><br>Natutukoy ang posisyon ng paksang pangungusap sa talata | Nakasusulat ng mga pangungusap na nakaugnay sa mga larawan o graphics | Ulat |
